



LA NiNA PALAY TIPS

PAGGAWA NG FLOATING RAFT GARDEN

Ang *floating garden* ay isang teknolohiyang nagmula sa Mexico at kasalukuyang ginagawa rin sa mga matubig at bahaing lugar sa Asya tulad ng Malaysia, India, at Bangladesh. Sa pamamagitan ng *floating garden*, maaari nang makapagtanim ng gulay sa ibabaw ng tubig na nakatutulong sa mga magsasaka upang magkaroon ng sapat na pagkukunan ng pagkain at madagdagan ang kanilang kita kapag sila'y binaha. Maaari rin itong pagpunlaan ng palay habang hinihintay humupa ang baha sa palayan. Dahil sa teknolohiyang ito, natututo ang mga magsasaka ng *crop diversification* at *intensification* na isinusulong ngayon ng PhilRice.

Mga materyales sa paggawa ng *floating raft garden*

1. Dalawang piraso ng kawayan na limang metro ang haba
2. Dalawang piraso ng kawayan na isang metro ang haba
3. 10 piraso ng pinaghati-hating kawayan (isang pulgada ang lapad at limang metro ang haba)
4. 450 pirasong 1.5 litrong plastik na bote (na may takip na pampalutang)
5. Alambre at mga pako
6. Lumang plastik na sako
7. Lupang taniman (maaaring gumamit ng kombinasyon ng *garden soil*, *organic fertilizer*, at *carbonized rice hull*)
8. Sako o plastik na lalagyan para pagtamnan
9. Pananim na gulay (pechay, mustasa, okra, sitaw, kamatis, o kangkong)

Mga hakbang sa paggawa ng *floating raft garden (bed type)*

1. Gumawa ng *raft frame* sa pamamagitan ng pagkakabit sa mga putol na kawayan. Ang *raft frame* ay may sukat na limang metro ang haba at isang metro ang lapad. Sahigan ang *raft frame* sa pamamagitan ng pagtali o pagpako sa mga pinaghating kawayan.
2. Ilagay sa sako ang mga plastik na bote na may takip at itali ang mga ito sa ilalim ng *raft frame*.
3. Ipalutang ang *raft frame* sa tubig at maglagay ng sahig na biyak na sako. Siguruhing ang ipapatong na lupa ay may kapal na 25-30 sentimetro. Ang lutang (*buoyancy*) ng *floating raft garden* ay tama kapag ang ilalim ng lupa ay eksakto lang sa lebel ng tubig.
4. Maaari nang tamnan ng ibat-ibang gulay ang *floating raft garden* pagkaraan ng isa o dalawang araw.
5. Maaari ring magpunla ng palay. Sundin lamang ang *modified dapog system*.

Paggawa ng *floating garden (pot type)*

1. Gumawa ng *raft frame* sa pamamagitan ng pagkakabit sa mga putol na kawayan. Ang *raft frame* ay may sukat na limang metro ang haba at isang metro ang lapad. Sahigan ang *raft frame* sa pamamagitan ng pagtali o pagpako sa mga pinaghating kawayan.
2. Ilagay sa sako ang mga plastik na bote na may takip at itali ang mga ito sa ilalim ng *raft frame*.
3. Magtanim ng mga gulay o iba pang halaman tulad ng *dwarf* na punong kahoy at *spices* sa mga lata o plastik na lalagyan bago ang tag-ulan o tagbaha.
4. Ilagay ang mga halamang ito sa ibabaw ng ginawang *raft frame*. Siguruhing balanse ang pagkakaayos ng mga halaman sa ibabaw ng *raft frame* para maayos ang kanyang paglutang.

Pagtatanim at pangangalaga

1. Siguruhing ang ilalim ng *frame* ay nakapantay sa ibabaw ng tubig upang makasisipsip ang lupa ng tubig.
2. Itanim ang mga binhi ng halaman gaya ng pagtatanim sa ordinaryong lupa. Sundin ang alituntunin at paraan ng pagtatanim depende sa klase ng gulay.
3. Maaari ring maglagay ng *trellis* o balag upang makapagtanim ng mga ibang gulay tulad ng ampalaya, upo, at patola.
4. Itali ang mga *floating garden* sa puno o poste upang hindi ito tangayin ng baha.